





CHECKLIST SA KALIGTASAN SA GARAHE

APULAIN ANG APOY bago ito magsimula at **IWASAN** ang mapanganib na pagkalason sa carbon monoxide (CO)!

Ang sunog sa garahe ang ay #2 na sanhi ng mga sunog sa Brampton. Maraming mga aktibidad na isinasagawa sa loob ng garahe ay hindi ligtas at maaaring magdudulot ng pagkasunog o hahantong sa pagkalason sa CO.





Sundin ang mga pangkaligtasang tip na ito at alamin kung ano ang iiwasang hindi ligtas na mga aktibidad, kahit na bukas ang pintuan ng Garahe:

MGA TIPS SA LIGTAS NA PAG-IIMBAK/REFUELLING:

-  Ilagay ang mga mapanganib na materyales mula sa anumang pinagmumulan ng init, mga tilamsik ng apoy o apoy. Kabilang diyan ang electric na motor, na maaaring may tilamsik ng apoy kapag pinaandar o pinapatay.
-  Iimbak ang gasolina sa isang mahigpit na matatakpan, may pangalan at aprubadong mga lalagyan. Ang pinakamarami na pwede mong iimbak ay 30 litro.
-  Maging maingat; ang tumagas na fuel ay madaling magliyab upang makapagdulot ng sunog at seryosong pagkapaso. Linisin kaagad ang lahat ng pagkatagas ng fuel at mapanganib na mga likido.
-  Muling kargahan lamang ng gasolina o krudo ang mga kasangkapan (mga lawn mower, snow blower, atbp.) kapag lumamig na.



MGA TIP SA LIGTAS NA PAGTATAPON:

-  Iwasan ang pagkabakante ng mga kagamitan sa paninigarilyo nang direkta sa basurahan. Basain muna ng tubig ang mga upos at abo ng sigarilyo at pagkatapos itapon sa basurahan. Itapon ang mga kasangkapan ng paninigarilyo, tulad ng mga upos ng sigarilyo, sa isang malalim at matibay na ashtray.
-  Itapon ang malangis at basa ng solvent na mga basahan sa isang metal na lalagyan na may mahigpit na pantakip.
-  I-tape ang mga dulo ng lahat ng pwedeng i-recharge at 9 volt na mga baterya bago itapon. Makipag-ugnayan sa Rehiyon ng Peel para sa impormasyon sa kanilang programa sa pag-recycle ng baterya.
-  Madalas na itapon ang pwedeng magliyab at madaling nasusunog na mga materyales na hindi na kailangan o ginagamit.









905.458.5580
bramptonfire.com
firelife@brampton.ca


 BramptonFire
 @BramptonFireES

 **BRAMPTON**







CHECKLIST SA KALIGTASAN SA GARAHE

LIGTAS NA MGA TIP SA KURYENTE:

| | |
|-------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
|  | Palaging gumamit ng isang lisensyadong electrical na contractor para inspeksyunin at mag-install ng karagdagang mga circuit, outlet at upang kumpletuhin ang anumang mga pagkumpuni sa iyong electrical system. Makipag-ugnayan sa Electrical Safety Authority (ESA) para makahanap ng isang lisensyadong contractor. |
|  | Iwasan ang pag-overload ng circuit; kumonsulta sa isang lisensyadong electrician para malaman kung kailangan ang karagdagang mga outlet, o ang circuit. |
|  | Ang mga extension cord ay naghahatid ng pansamantalang kuryente sa mga lugar na walang outlet. Hindi dinisenyo ang mga ito para sa pangmatagalang paggamit o kaya ay para palitan ang permanenteng wiring. |
|  | Protektahan ang iyong sarili mula sa pagkaka-kuryente; mag-install ng Ground Fault Circuit Interrupters (GFCI) sa lahat ng outdoors outlet kabilang sa inyong garahe. |
|  | Kung ang mga appliance, tool o kasangkapan ay nagtitilamsik ng apoy, sobrang init o huminto, tanggalin sa pagkakasaksak ang mga ito at ipasuri sa isang dealer o kwalipikadong appliance service technician. |
|  | I-charge ang mga de-kuryenteng behikulo sa pamamagitan ng pagbasa at pagsunod sa mga tagubilin sa manual ng may-ari. |



HINDI LIGTAS NA MGA GAWAIN:

| | |
|-------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
|  | Huwag na huwag magluto o magbarbekyu sa loob ng garahe. |
|  | Huwag na huwag gumamit ng propane o iba pang mga heater na pinapaandar ng gasolina/krudo, appliance o generator. |
|  | Huwag na huwag patakbuhan ang isang sasakyan, de-gasolina/de-krudong makina o motor (halimbawa, mga lawn mower, snow blower) sa garahe. |
|  | Huwag na huwag manigarilyo sa loob ng garahe o sa pamamahay; hikayatin ang mga naninigarilyo na manigarilyo sa labas. |
|  | Huwag na huwag patayin ang sindi ng mga upos sa mga bagay na maaaring masunog (hal. pananim, mga tanim sa plorera). |
|  | Huwag iimbak ang mga propane gas cylinder sa inyong garahe o pamamahay'. Maaaring magaganap ang pagputok kapag magkaroon ng kontak ang sumisingaw na vapour sa pinagmumulan ng pagliyab (hal. de-kuryenteng kasangkapan). |



Tandaan: Para mabawasan ang tsansa ng sunog, panatiliing malinis at maayos ang inyong garahe.